# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 2
## Modyul Blg. 10
## May Dignidad Sa Mabuting Gawain

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Ilang taon mula ngayon magtatrabaho ka na. Ano ang nais mong gawin? Saan mo nais magtrabaho? Bakit?

Kung magmamasid ka sa paligid, mapapansin mo na iba't-iba ang gawain o trabaho ng mga tao sa lipunan. May nagtatrabaho sa opisina, sa paaralan, sa pabrika. Ang iba naman ay sa lansangan mo makikita tulad ng mga *traffic aide, vendor,* tsuper at marami pang iba.

Masasabi mo bang mabuti ang isang trabaho kapag maganda at *fully-airconditioned* ang lugar ng pinagtatrabahuhan? Kapag naka-kurbata o naka-*high heel shoes* ? kapag malaki ang suweldo?

Ano ba ang batayan para ituring na mabuti at may dignidad ang isang trabaho? Ang kasagutan sa katanungang ito ay matutuklasan mo sa iyong pag-aaral sa modyul na ito. Inaasahan kong malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman at pagpapahalaga:

Nakikilala na may dignidad ang anumang mabuting uri ng gawain (L.C 2.9)

A. Nakababalangkas ng batayan sa pagkilala sa isang mabuting gawain
B. Nakikilala na may dignidad ang anumang mabuting uri ng gawain
C. Naipaliliwanag kung bakit may dignidad sa mabuting gawain

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.

3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang mga manggagawa tulad ng tsuper, mananahi, karpintero at iba pa ay nabibilang sa trabahong tinatawag na:
   a. *blue collar*
   b. *pink collar*
   c. *white collar*
   d. *yellow collar*

2. Ang mga propesyonal tulad ng doctor, guro, abogado at iba pa ay nabibilang sa trabahong tinatawag na:
   a. *blue collar*
   b. *pink collar*
   c. *white collar*
   d. *yellow collar*

3. Ang batayang nararapat gamitin upang ituring na may dignidad ang isang gawain ay ang:
   a. ganda ng lugar na pinagtatrabahuhan
   b. kabutihang dulot nito
   c laki ng suweldo
   b. pagkakataon para sa promosyon

4. Ayon sa mga pagsasaliksik, isa sa pangunahing dahilan kung bakit nawawalan ng kasiyahan sa trabaho( *job satisfaction)* ang isang tao ay ang:
    a. Hindi siya nakararamdam ng layunin sa kanyang ginagawa
    b. Madalas atrasado ang suweldo
    c. Wala siyang pagkakataon sa promosyon
    d. Walang inilalaang badyet ang kompanya para sa seminar ng mga empleyado.

5. Ang anumang trabaho ay may dignidad kung ito ay naglalayon ng:
    a. mabilis na pagtaas sa posisyon
    b. mabuting maidudulot nito sa sarili at kapwa
    c. malaking suweldo
    d. kaginhawahan ng sarili

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Basahin mo at suriin ang bawat kaso ng mga tauhan .

Kaso Blg. 1



Si Lino ay isang manggamot sa pampublikong pagamutan. Sa araw-araw, maraming pasyente ang kanyang nabibigyang ng atensyong medikal. Maligaya siya sapagkat alam niyang sa pagtatapos ng bawat araw ay may tulong siyang nagawa sa kanyang kapwa.
Marami siyang kasamahan na humihikayat sa kanya ng mag-aral ng *nursing* at mag-aplay ng trabaho sa ibang bansa sapagkat higit na malaki ang suweldo doon kaysa sa tinatanggap niya sa pagiging doktor . Hindi siya nakuha sa panghihikayat sa kanya.

Kaso Blg. 2



Si Mang Enteng, 60 taon na at nakapaglingkod na rin ng may 30 taon bilang *janitor* sa pagamutang pampubliko na siya rin pinapasukan ni Dr. Lino. Kahit hindi kataasan ang kanyang tinatanggap na suweldo ay masaya siyang naglilingkod sa pagamutan. Marami na siyang naging kaibigan sa tagal ng panahon ng kanyang paninilbihan dito.
Alam niyang malaki ang naitutulong niya sa pagpapanatili ng kalinisan sa pagamutan.
Hindi niya ikinahihiya ang kanyang pagiging *janitor*.

Kaso Blg. 3



Si Elmer, nagtatrabaho bilang *garbage collector* o taga-kuha ng basura na naka destino sa ospital na pinagtatrabahuhan ni Mang Enteng.
Araw-araw niyang hinahakot ang mga basurang galing sa mga silid ng ospital gayundin ang mga basura mula sa *operating room.* Sa *incinerators* dinadala ang lahat ng *hospital waste* at doon sinusunod upang hindi na kumalat ang mikrobyo.

Sa tagal ng panahon na ginagawa ito ni Elmer ay sanay na sanay na siya. Tulad ni Mang Enteng, marami na siyang kaibigang mga katrabaho sa ospital. Ang ilan nga sa mga doktor at *nurses* ay ninong at ninang pa ng kanyang anak.


## Sagutin Mo

1. Ano ang magkakatulad na pagpapahalagang taglay ng tatlong tauhan sa mga kasong nabanggit?
2. Bakit sila maligaya sa kanilang gawain?
3. Masasabi mo bang nakahihigit ang isa sa iba? Maituturing bang mababang uri ang gawain nina Mang Enteng at Elmer? Bakit?
4. Ano kaya ang maaaring mangyari sa hospital kung walang tulad nila Mang Enteng at Elmer?
5. Ano ang pinatutunayan nito?

## Gawain Blg. 2

Basahin ang kuwento at iugnay ang mensahe sa unang gawain

**Dangal sa Gawain**



Isa sa pinakamasayang taong nakilala ko ay iyong lalaking nagtatrabaho sa isang *car wash station* malapit sa dati naming tirahan. Hindi siya mekaniko, hindi mataas ang posisyon niya sa lugar na iyon. Ang trabaho niya 6 na araw sa isang linggo ay maglinis ng mga maruruming sasakyan.

Kung makikita mo siya sa pagtatrabaho ay hahanga ka, maligaya siya habang nililinis ang maruruming salamin at gulong ng sasakyan. Buong husay niya itong ginagawa. Kapag natapos na, ay wala kang makikitang bakas ng alikabok o dumi sa sasakyang kanyang nilinis. Napakahusay niya sa kanyang gawain.

May kasabihan sa wikang Ingles *"What the world needs, and what God needs, is not so much people who can do extraordinary things, as people who can do ordinary things ordinarily well."*


*- Halaw mula kay W.M Barclay*

**Sagutin Mo**

1. Anong pagpapahalaga ang taglay ng tauhan sa kuwento?
2. Paano niya binigyang dignidad ang kanyang gawain bilang tagalinis ng sasakyan?
3. Paano mo iuugnay ang mensahe ng kuwentong ito sa unang gawain?
4. Ano ang iyong sariling batayan para ituring na may dignidad ang isang gawain?

## IV. Ano Ang Iyong Natutuhan?

Batay sa natapos na mga gawain, anong mga kaalaman at pagpapahalaga ang iyong natutuhan sa araling ito? Isulat mo ito gamit ang mga gabay na salita sa ibaba.




Konsepto:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

# V. Pagpapatibay

Madalas, binibigyang dignidad natin ang trabahong *"class"* at may mataas na suweldo. Iba ang tingin ng nakararami kapag sa Makati o sa Ortigas namamasukan ang isang tao. Kapag mataas ang posisyon mo sa isang kompanya o sa isang ahensya ng pamahalaan, iba ang pagtingin sa iyo ng madla.

Subalit tama nga bang gamiting tanging batayan ang mga ito? Hindi masamang maghangad ng mataas nma suweldo, o ma-*promote* sa isang mataas na puwesto, mahalaga din ang mga iyan, ngunit ang isiping ito lamang ang tanging batayan…hindi tama iyan.

May dignidad ang anumang mabuting gawain sapagkat
Ang taong nagsasagawa nito ay natatangi, hindi tulad ng makina o robot. Bawat tao'y may sariling tatak. Sangkot ang kanyang buong katauhan sa bawat gawaing kanyang isinasagawa. Nakapaloob sa kanyang paggawa ang kanyang puso at isipan; ang kusang loob na pagnanais na mapaganda at mapabuti ang kanyang ginagawa.

Magkatulad ang ibig ipahiwatig ni Papa Juan XXIII sa kanyang *Address to All Workers of the World* noong Mayo, 1960 at ni Papa Juan Pablo II sa kanyang *Laborem exercens.*

Ayon sa kanila, sa paggawa nagiging kaisa ng Diyos ang tao sa misyong pamahalaan ang mga bagay na nilikha Niya. Sa paggawa nagiging produktibo ang tao .Nakapagdudulot siya ng kapakinabangan at kabutihan hindi lamang para sa kanyang sarili, kundi maging sa kanyang kapwa. Ito ang pinag-uugatan ng dignidad ng paggawa.

Dahil dito, walang maliit na trabaho kung ito'y ginagawa nang buong puso, buong kabutihan at buong husay.

May dignidad ang anumang uri ng mabuting ng gawain.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Sa hirap ng kabuhayan sa kasalukuyan, hindi lahat ng mga kabataang tulad mo ay makapagtatapos ng kolehiyo. Marahil, marami ang pag nakatapos ng haiskul ay magtatrabaho na.

Anong trabaho ang nakikita mong maaari mong pasukan? Bakit?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Kung mapabilang ka sa mga magtatrabaho na, paano makatutulong ang mga natutuhan mo sa araling ito sa pagharap mo sa buhay?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ano ang nararapat mong palaging tatandaan?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang mga manggagawa tulad ng tsuper, mananahi, karpintero at iba pa ay nabibilang sa trabahong tinatawag na:
   a. *blue collar*
   b. *pink collar*
   c. *white collar*
   d. *yellow collar*

2. Ang mga propesyonal tulad ng doctor, guro, abogado at iba pa ay nabibilang sa trabahong tinatawag na:
   a. *blue collar*
   b. *pink collar*
   c. *white collar*
   d. *yellow collar*

3. Ang batayang nararapat gamitin upang ituring na may dignidad ang isang gawain ay ang:
   a. ganda ng lugar na pinagtatrabahuhan
   b. kabutihang dulot nito
   c laki ng suweldo
   b. pagkakataon para sa promosyon

4. Ayon sa mga pagsasaliksik, isa sa pangunahing dahilan kung bakit nawawalan ng kasiyahan sa trabaho( *job satisfaction)* ang isang tao ay ang:
   a. Hindi siya nakararamdam ng layunin sa kanyang ginagawa
   b. Madalas atrasado ang suweldo
   c. Wala siyang pagkakataon sa promosyon
   d. Walang inilalaang badyet ang kompanya para sa seminar ng mga empleyado.

5. Ang anumang trabaho ay may dignidad kung ito ay naglalayon ng:
   a. mabilis na pagtaas sa posisyon
   b. mabuting maidudulot nito sa sarili at kapwa
   c. malaking suweldo
   d. kaginhawahan ng sarili

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph *Social Morals: The Church Speaks on Societ.* Manila: Southeast Asian Science Foundation, Inc. 1987

Moga, Michael D. *What Makes Man Truly Human.* Makati: St. Pauls. 1995

### Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

6. a
7. c
8. b
9. a
10. b

Gaano Ka Natuto?

1. a
2. c
3. b
4. a
5. b